

Kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) Sa Pagsulat Sa Filipino 7

Rhea D. Bruma (MAEd-Fil)¹, Felisa D. Marbella (PhD)²
Sorsogon State College, Graduate School, Sorsogon City, Philippines
¹dioneda28@yahoo.com, ²marbellafely@gmail.com

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**
Vol. 7 No.1, 45-51
February 2019, Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

Date Received: September 12, 2017; Date Revised: February 16, 2019

Abstract – *The effectiveness of Strategic Intervention Material (SIM) in writing in Filipino was determined in this study. This supports the Republic Act 10533 section 10.3 which promotes the development and reproduction of instructional materials. The design of the study are Descriptive and quasi-experimental utilizing the Solomon’s Four Group Design. The respondents were 100 students in Grade 7 including the experimental and controlled group and 25 teachers teaching Filipino subject. The developed SIM was based on the theory of multiple intelligences and integrative approach. The pre-test of experimental and controlled group was compared. The experimental group utilized the SIM, then a post-test was conducted to both groups and the results were again compared. The finding shows that the mean score of pre-test of experimental and controlled group are almost the same. There was a significant difference between the pre and post test of both group. The mean score of post-test of two controlled groups and two experimental groups shows that there was no significant difference. The post-test mean score of experimental group is higher than the post-test mean score of controlled group. There was no significant difference in the post test of four groups. Meanwhile, the level of effectiveness of the developed SIM is very much effective based on the evaluation of teacher-respondents making it acceptable as instructional material in developing the writing skills of students in Filipino subject.*

Keywords – *Effectiveness, Strategic Intervention Material (SIM), instructional material, experimental group, controlled group, Solomon’s Four Group Design*

Abstract - *Natiyak sa pag-aaral na ito ang kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) sa pagsulat sa Filipino. Binibigyang-tugon ng pag-aaral na ito ang Republic Act No. 10533 seksyon 10.3 na humihikayat sa pagbuo at pagpaparami ng mga kagamitang pampagtuturo. Deskriptiv at quasi-experimental ang disenyo ng pananaliksik gamit ang Solomon’s Four Group Design. Ang mga respondent ay 100 mag-aaral sa Baitang 7 na kinabibilangan ng experimental at controlled na pangkat at 25 guro sa Filipino. Ang binuong SIM ay ibinatay sa teoryang multiple intelligences at integratibong dulong. Inihambing ang paunang pagsusulit ng experimental at controlled na pangkat. Ipinagamit sa experimental na pangkat ang SIM at muling pinaghambing ang mga panapos na pagsusulit. Natuklasan na halos magkatulad ang mean iskor ng experimental at controlled na pangkat sa paunang pagsusulit. Mayroon namang mahalagang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng dalawang pangkat. Walang mahalagang kaibahan ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng dalawang controlled na pangkat gayundin ang dalawang experimental na pangkat. Higit namang mataas ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat kaysa sa controlled na pangkat at walang mahalagang pagkakaiba ang panapos na pagsusulit ng apat na pangkat. Samantala, ang antas ng kabisaan ng binuong SIM ay tanggap na tanggap batay sa pagsusuri ng mga gurong respondent kaya’t ito ay karapat-dapat gamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa pagsulat sa Filipino.*

Susing-salita: – *Kabisaan, Strategic Intervention Material (SIM), kagamitang pampagtuturo, experimental na pangkat, controlled na pangkat, Solomon’s Four Group Design*

INTRODUKSYON

Maraming pag-aaral ang nagpapatunay na malaki ang naitutulong ng pagsulat sa paghubog ng isang tao. Sa pamamagitan ng pagsulat, naipapahayag ang paniniwala, mithiin, pangarap, nararamdaman, bungang-isip at nakikilala ng tao ang kanyang kahinaan at kalakasan. Ang pagsulat ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pag-iisip at paglutas ng mga suliranin. Sa pamamagitan ng pagsusulat nananatiling buhay ang kasaysayang pinag-uugatan ng isang bansa. Subalit itinuturing itong isa sa pinakakomplikadong kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Binigyang-diin ni Tompkins [1] ang pagsulat bilang isang proseso na hindi natatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Sa pagsulat, kailangan ang pagtatakda ng layunin, pagsasaayos ng kaisipan, tutuntuning pambalarila, wastong kayarian ng mga salita, mga tamang bantas, tamang baybay ng mga salita, at malawak na talasalitaan. Sa pag-unlad ng makabagong teknolohiya, nadagdagan ang interes ng mga kabataan sa pagsusulat sa pamamagitan ng pag-post sa mga social media at pagtext gamit ang cellphone. Sa kabila nito, ang mabisang pagsusulat ay mailap pa rin sa nakararami ayon kay Badayos [2]. Batay sa isinagawang sarbey ng *The Chronicle of Higher Education*, 61% bahagdan ng mga guro ang nagsabing hindi nakasusulat nang mahigit limang pahina ang kanilang mga estudyante. Kaya naman hindi sapat ang kanilang pagsasanay upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Ayon naman sa Manwal ng mga Kasanayan sa Pagkatuto sa Elementarya na ipinalabas ng Departamento ng Edukasyon ng Pilipinas, inaasahang ang mga mag-aaral na nagtapos sa elementarya ay mayroon nang angking kasanayan sa pagsulat. Sa kabila ng pagtatakdang ito, marami pa rin ang mga mag-aaral na nakatapos ng elementarya na kulang sa kakayahan sa pagsulat. Kung nakasusulat man, ang kanilang mga nililikhang sulatin ay hindi tumutugon sa mga itinakdang kraytirya sa kanilang antas ng pagkatuto batay sa pag-aaral nina Bersales at Villafuerte [3]. Sa ginawang pag-aaral naman ni Ichiano [4], malubha ang mga kamalian sa pagsulat ng sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang antas pangsekondarya. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon at mekaniks ng pagsulat ng isang sulatin. Ang mga kahinaang ito ay resulta ng kakulangan sa pagsasanay sa pagsulat ng mga mag-aaral. Hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ang pagpapaunlad sa

kasanayang pasulat sa mga nakalipas at kasalukuyang kurikulum. Sa pagpapatupad ng K to 12 na kurikulum, lalong nadagdagan ang suliranin ng mga guro dahil sa kawalan ng mga modyul na may mga gawaing pasulat na madaling unawain at kawili-wili para sa mga mag-aaral.

Ang binuong Strategic Intervention Material ay magiging kapaki-pakinabang at makabuluhan sa mga guro at mag-aaral upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at mapunuan ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na mabatid ang kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) sa pagsulat sa Filipino. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: 1) Mean iskor ng paunang pagsusulit ng a.) Control na pangkat b.) Experimental na pangkat; 2.) Kaibahan ng panapos na pagsusulit ng controlled na pangkat na a.) may paunang pagsusulit, b.) walang paunang pagsusulit; 3.) Kaibahan ang panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat na a.) may paunang pagsusulit, b.) walang paunang pagsusulit; 4.) Mean iskor ng panapos na pagsusulit ng apat na pangkat; 5.) Kaibahan ng pauna at panapos na pagsusulit ng apat na pangkat; at 6.) Antas ng kabisaan ng SIM batay sa pagsusuri ng mga guro.

PAMARAANG GINAMIT

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo upang mabatid ang kaangkupan ng Strategic Intervention Material gamit ang binuong tseklist. Ang mga respondent sa pag-aaral na ito ay ang dalawampu't limang (25) guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekondarya sa Distrito ng Bacon.

Ginamit naman ang disenyong quasi-experimental upang malaman ang kabisaan ng Strategic Intervention Material. Purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng mga respondent ng pag-aaral. Dahil homogenous ang pagpapangkat sa bawat klase at ang mga nasa huling pangkat ng Baitang 7 ang may mababang antas ng kasanayan sa pagsulat, sila ang kinuhang mga respondent. Binubuo ng apat na pangkat ang respondent ng pag-aaral na ito. Ang dalawa ay nabibilang sa control na pangkat. Ang isa sa control na pangkat ay binigyan ng pauna at panapos na pagsusulit. Samantalang ang isa pang pangkat ay binigyan ng panapos na pagsusulit lamang. Ang dalawa pang pangkat ay mabibilang naman sa experimental. Ang isang pangkat sa experimental ay binigyan din ng pauna at panapos na pagsusulit samantalang ang isang

pangkat ay tanging panapos na pagsusulit lamang ang ibinigay. Ang experimental na pangkat ay gumamit ng SIM samantalang ang karaniwang gamit ng guro sa pagtuturo ang ginamit ng control na pangkat.

Instrumento

Tatlong instrumento ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ito ay ang pagsusulit, ang binuong Strategic Intervention Material at tseklist.

Ang pagsusulit ay binubuo ng 45 aytem na naglalaman ng mga paksang may kaugnayan sa pagsulat ng talatang naglalarawan.

Ang Strategic Intervention Material sa Pagsulat sa Filipino ay kombinasyon ng aklat at sanayang papel na madaling unawain at naglalaman ng mga gawaing kawili-wili. Ito ay binubuo ng limang bahagi: (1) Kard ng Pamatnubay. Inilalahad sa bahaging ito ang aralin na binibigyang tuon ang mga kasanayang pangsuporta at pokus na kasanayan. (2)Kard ng Gawain. Ito ay naglalaman ng mga gawain o pagsasanay upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga gawain ay nararapat na naaayon sa estilo at kawilihan ng mga mag-aaral.(3) Assessment Kard. Sa bahaging ito nasusukat ang antas ng masteri ng kasanayan ng mag-aaral. Natutukoy din ang kaalaman at kasanayan na kailangan pang paunlarin. (4)Enrichment Kard. Inilaan para sa mga mag-aaral na hindi mabilis matuto. Ito ay karagdagang gawain upang higit na mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral. (5) Kard ng Sanggunian. Talaan ng mga sanggunian.

Inalam ang antas ng kaangkupan ng Strategic Intervention Material gamit ang Likert Scale sa tseklist. Inirango ng mga respondent ang SIM sa tulong ng iskala: 4 -tanggap na tanggap; 3 – tanggap; 2 - di-gaanong tanggap; at 1 -hindi tanggap. Ang mga inirango ay ang layunin, mga gawain, at ang aspetong teknikal.

Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Ginamit ang frequency count, mean at Solomon’s Four Group Design upang malaman ang kabisaan ng nilikhang SIM.

Upang malaman ang malaking kaibahan ng pauna at panapos na pagsusulit ng bawat pangkat, ginamit ang t-test of correlated data. Ginamit din ang t-test for uncorrelated data upang mabatid ang mahalagang kaibahan ng mean iskor sa pagitan ng panapos na pagsusulit ng experimental at controlled na pangkat. Samantala, ginamit naman ang F-test upang mabatid ang mahalagang

kaibahan ng mean iskor ng panapos na pagsusulit ng apat na pangkat.




Fig. 1. SOLOMON’S FOUR GROUP DESIGN

Ginamit naman ang frequency count at average weighted mean upang malaman kung katanggap-tanggap sa mga respondent ang nilikhang SIM gamit ang Likert Scale: 3.5 – 4.0: tanggap na tanggap; 2.5 - 3.4: tanggap; 1.5 - 2.4: di-gaanong tanggap; at 1.00- 1.4: hindi tanggap.

MGA NATUKLASAN

Mean Iskor ng Paunang Pagsusulit

Ang mean iskor ng controlled na pangkat 1 at experimental na pangkat 1 ay 20.84 at 21.00. Ipinakikita nito na hindi nagkakalayo ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng dalawang pangkat. Nangangahulugan ito na kailangan ng pagbabago sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto upang mapaunlad ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1. Mean Iskor ng Paunang Pagsusulit

Pangkat	Bilang ng Respondent	Mean Iskor
Controlled na Pangkat 1	25	20.84
Experimental na Pangkat1	25	21.00

Sinabi ni San Luis [5], na ang tipikal na guro sa kasalukuyang panahon ay bukas sa mga pangunahing pagbabagong hatid ng pagsasanay at muling pagsasanay. Sinuportahan ito ni Rivera [6] na hinihikayat ang mga guro na gumawa ng kagamitang pampagtuturo upang lalong maging makabuluhan ang aralin at mapaunlad ang kasanayn ng mga mag-aaral.

Kaibahan ng Pauna at Panapos na Pagsusulit ng Dalawang Pangkat

Ang pauna at panapos na pagsusulit ng experimental at controlled na pangkat ay may

mahalagang pagkakaiba. Nangangahulugan lamang ito na ang dalawang pangkat ng respondents ay tumaas ang performans pakatapos na gamitin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo para sa controlled na pangkat at ang SIM para sa experimental na pangkat.

Ipinapakita pa rin sa talahanayan na ang computed t- value para sa correlated sample ay 3.661 at 6.138 ayon sa pagkasunud-sunod, para sa controlled na pangkat at experimental na pangkat mas mataas kaysa sa critical t-value na 1.711 samantalang ang degree of freedom ay 24 at 5% antas ng pagpapahalaga. Samakatwid ang null hipotesis ay rejeck.

Talahanayan 2. Kaibahan ng Pauna at Panapos na Pagsusulit ng Dalawang Pangkat

Statistical Bases	Statistical Analysis	
	Controlled Group	Experimental Group
Level of Significance	5%	5%
Degrees of Freedom	24	24
Critical t- value	1.711	1.711
Computed t- value	3.661	6.138
Decision on H ₀	Reject	Reject
Conclusion	Significant	Significant

Ang implikasyon ng resulta ay parehong mayroong pagkatuto sa dalawang paraang ginamit sa controlled at experimental na pangkat.

Talahanayan 3. Kaibahan ng Panapos na Pagsusulit ng Controlled na Pangkat

Statistical Bases	Statistical Analysis Controlled Groups
Level of Significance	5%
Degrees of Freedom	48
Critical t- value	1.679
Computed t- value	-0.377
Decision on H ₀	Do not Reject
Conclusion	Not Significant

Ang panapos na pagsusulit ng controlled na pangkat na may paunang pagsusulit at walang paunang pagsusulit ay walang mahalagang pagkakaiba. Nangangahulugan ito na ang dalawang grupo ng respondent sa controlled na pangkat ay may magkaparehong performans.

Ipinapakita rin sa talahanayan na ang computed t- value na -0.337 para sa independent sample ay mas

mababa kaysa sa critical t-value na 1.679 samantalang ang degree of freedom ay 48 at 5% antas ng pagpapahalaga. Ayon sa resulta, ang hipotesis ay hindi rejeck at nangangahulugang walang mahalagang pagkakaiba ang panapos na pagsusulit ng Controlled na pangkat na may paunang pagsusulit at walang paunang pagsusulit.

Ang implikasyon ng resulta ay walang epekto ang paunang pagsusulit sa panapos sa pagsusulit ng controlled na pangkat. Ang kanilang kasanayan ay hindi nagkagalayo. Ipinakikita nito na halos magkatulad ang antas ng kaalaman sa paksa at kasanayan ng dalawang pangkat bago isinagawa ang paunang pagsusulit. Parehong nadagdagan ang kaalaman at napaunlad ang kasanayan ng dalawang pangkat matapos ang pagtuturo ng guro gamit ang tradisyunal na pamamaraan. Samakatwid, parehong nagkaroon ng pagkatuto sa dalawang controlled na pangkat.

Sa pag-aaral na ito, ang guro ay naging matagumpay sa pamamaraang kanyang ginamit. Sa paniniwala ni Nivera [7], walang pinakamahusay na estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo sapagkat ang pagpili sa estratehiyang gagamitin ay nakabatay sa maraming salik. Ang guro ay inaasahang pipili ng estratehiya at pamamaraan na nakabatay sa layunin at pangangailangan ng klase.

Talahanayan 4. Kaibahan ng Panapos na Pagsusulit ng Experimental na Pangkat

Statistical Bases	Statistical Analysis
	Experimental Groups
Level of Significance	5%
Degrees of Freedom	48
Critical t- value	1.679
Computed t- value	-1.084
Decision on H ₀	Do not Reject
Conclusion	Not Significant

Ang panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat na may paunang pagsusulit at walang paunang pagsusulit ay walang mahalagang pagkakaiba. Nangangahulugan ito na ang dalawang pangkat ng experimental ay may magkaparehong performans.

Ipinapakita rin sa talahanayan na ang computed t- value na -1.084 para sa independent sample ay mas mababa kaysa sa critical t-value na 1.679 samantalang ang degree of freedom ay 48 at 5% antas ng pagpapahalaga. Ayon sa resulta, ang hipotesis ay hindi rejeck at nangangahulugang walang mahalagang

pagkakaiba ang panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat.

Ang implikasyon ng resulta ay walang epekto ang paunang pagsusulit sa panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat. Nangangahulugang ang kanilang mga kasanayan ay magkakaipareho. Ipinakikita nito na halos magkatulad ang antas ng kaalaman sa paksa at kasanayan ng dalawang pangkat bago isinagawa ang paunang pagsusulit. Sa paggamit ng Strategic Intervention Material, parehong nadagdagan ang kaalaman at napaunlad ang kasanayan ng dalawang pangkat. Nangangahulugan ito na parehong nagkaroon ng pagkatuto sa dalawang experimental na pangkat matapos gamitin ang Strategic Intervention Material.

Sinuportahan ito nina Abad at Ruedas [8]. Ayon sa kanila, ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng midyang instruksiyonal ay nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto.

Talahanayan 5. Mean Iskor ng Panapos na Pagsusulit ng Apat na Pangkat

Pangkat	Bilang ng Respondent	Mean Iskor
Controlled na Pangkat1	25	26.48
Controlled na Pangkat2	25	27.28
Experimentalna Pangkat1	25	28.6
Experimentalna Pangkat2	25	30.64

Ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng unang controlled na pangkat ay 26.84 at ang ikalawang controlled na pangkat ay 27.28. Samantalang ang unang experimental na pangkat ay 28.6 at ang ikalawang experimental na pangkat ay 30.64. Mapapansing higit na mataas ang mean iskor sa panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat kaysa sa controlled na pangkat.

Nagpapakita lamang ito na ang kagamitang pampagtuturo ay mahalaga sa proseso ng patuturo-pagkatuto at nakatulong sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng Strategic Intervention Material ay higit na epektibo kaysa sa tradisyunal na pagtuturo.

Ang natuklasan ay sinuportahan ng pag-aaral ni Maguslog [9] na nakatuon sa pagbatid ng kabisaan ng paggamit ng modyul sa pagpapaunlad ng performans ng mga mag-aaral ng industrial art sa Sorsogon State College. Inirekomenda niya sa kanyang pag-aaral na

ipagamit sa mga mag-aaral ang modyul upang mabuo ang tiwala sa sarili sa pag-aaral ng mga aralin at madebelop ang kanilang kasanayan kahit wala o konti lamang ang tulong na magmumula sa guro.

Pinatunayan din ng pag-aaral ni Doctama [10], na ang paggamit ng workteks ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsagot ng mga word problems.

Talahanayan 6. Kaibahan ng Panapos na Pagsusulit ng Apat na Pangkat

Statistical Bases	Statistical Analysis Experimental na Pangkat
Level of Significance	5%
Degrees of Freedom	3,96
Critical F- value	2.712
Computed F- value	1.641
Decision on H ₀	Do not Reject
Conclusion	Not Significant

Ang panapos na pagsusulit ng dalawang pangkat, ang experimental at controlled ay walang mahalagang pagkakaiba.

Ang computed f- value ay 1.641 batay sa posttest performans ng apat na pangkat ay mas mababa kaysa sa critical f-value of 2.712 at 5% antas ng pagpapahalaga na may 3 at 96 degrees of freedom. Samakatuwid, ang null hipotesis ay hindi rejeck. Subalit, ang Scheffes' Test ay nagpapakita na ang F'-values ng posttest performans ng pangkat kapag ihahambing sa bawat isa ay walang pagkakaiba.

Nang ginamit ang SIM tumaas ang performans ng mga respondent, nang gamitin ang tradisyunal na paraan tumaas din ang performans ng mga respondent. Nangangahulugan ito na parehong tumaas ang performans ng mga mag-aaral sa dalawang paraan ng pagtuturo.

Isa sa mga dahilan sa kawalan ng mahalagang kaibahan ay ang kakulangan ng panahon na naibigay sa mga mag-aaral upang mapag-aralan at masagutan ang mga gawain. Limang paksa ang tinalakay sa SIM at ito ay kanilang pinag-aralan at sinagutan sa loob ng tatlong oras sa paaralan.

Maaari ring hindi nakatulong ang pag-uwi sa bahay ng SIM sapagkat nababaling na ang atensyon nila sa ibang bagay o gawain. Sinuportahan ito ng natuklasan sa pag-aaral ni Fortes na isa sa mga salik na nakakaapekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay ang tahanan, idagdag pa ang kapaligiran at interes o kakayahan ng mag-aaral.

Maaari ring hindi sapat ang mga gawaing pagsasanay upang maabot ang masteri level ng kasanayan. Inihayag ni Barraga [11] na ang kagamitang pampagtuturo ay kailangan ang maraming iba't ibang gawain at sapat na pagsasanay upang higit na malinang ang talino at kakayahan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 7. Antas ng Kabisaan ng SIM batay sa Pagsusuri ng mga Guro sa Filipino

Bahagi	Mean	Deskripsyon
LAYUNIN	3.93	Tanggap na Tanggap
Plano Ng Pagkatuto		
Kard ng Patnubay	3.85	Tanggap na Tanggap
Kard ng Gawain	3.92	Tanggap na Tanggap
Kard ng Assessment	3.88	Tanggap na Tanggap
Reinforcement Kard/ Enrichment Kard	3.92	Tanggap na Tanggap
Aspetong Teknikal	3.81	Tanggap na Tanggap
WM	3.88	Tanggap na Tanggap

Ang average weighted mean ay 3.88 na may deskripsyong tanggap na tanggap. Nangangahulugan lamang ito na maayos na naipakita ang layunin at mga gawain sa binuong strategic intervention material.

Ang antas ng kabisaan ng SIM batay sa layunin, ito ay may weighted mean na 3.93 at ang deskripsyon ay tanggap na tanggap. Ipinakikita nito na ang layunin ay naaayon sa istandard. Makikita sa plano ng pagkatuto na ang kard ng patnubay, kard ng gawain, kard ng assessment at reinforcement kard/ enrichment kard ay may weighted mean na 3.85, 3.92, 3.88 at 3.92 ayon sa pagkakasunod-sunod. Ito ay may mga deskripsyong tanggap na tanggap. Implikasyon ng resulta nito na ang mga plano ng pagkatuto ay nakapokus sa mga kaalamang may iba't ibang gawain na humuhikayat sa mga mag-aaral na mag-isip, mag-analisa at mailapat ang kanilang natutunan.

Binanggit ni Gardner [12] na ang mga gawain sa pagkatuto ay kailangang nakadiseno sa iba't ibang uri ng mga gawain na makahihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang talino at kakayahan.

Gayundin, nakita ng mga respondent na ang aspetong teknikal ay tanggap na tanggap na may weighted mean na 3.81. Ito ay nangangahulugan na ang porma at estilo ng presentasyon ng kagamitang pampagtuturo ay maayos at malinaw. Kabilang na dito ang kaangkupan ng mga larawan at grapiko, kaangkupan ng wika na ginamit at font size ng text.

Batay sa resulta, masasabing ang binuong Strategic Intervention Material ay malaking tulong sa mga guro upang mabawasan ang kanilang paghahanda ng mga gawain ng mga mag-aaral.

Ayon kay Badaguas [13], kailangang isaalang-alang ang karanasan at kawilihan ng mga mag-aaral sa binubuong kagamitang pampagtuturo.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: 1.) Ang halos magkatulad na mean iskor ng dalawang pangkat sa paunang pagsusulit ay nagpapakita na ang controlled at experimental na pangkat ay parehong may mababang antas ng kasanayan sa pagsulat. 2.) Mayroong mahalagang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng dalawang pangkat. 3a.) Walang mahalagang kaibahan ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng controlled na pangkat may paunang pagsusulit at walang paunang pagsusulit. 3b.) Walang mahalagang kaibahan ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat may paunang pagsusulit at walang paunang pagsusulit. 4.) Higit na mataas ang mean iskor ng panapos na pagsusulit ng experimental na pangkat kaysa sa controlled na pangkat pagkatapos gamitin ang Strategic Intervention Material. 5.) Walang mahalagang pagkakaiba ang panapos na pagsusulit ng apat na pangkat. 6.) Ang nilikhang Strategic Intervention Material (SIM) ay karapat-dapat gamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa pagsulat sa Filipino.

Batay sa mga resulta at kongklusyon ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay nabuo: 1.) Maaaring gamitin ng mga guro sa Filipino ang nilikhang SIM sa kanilang pagtuturo o gamitin sa pagsasagawa ng remedial teaching. 2) Ang mga guro ay hinihikayat na bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo sa iba pang paksa na hindi kabilang sa nilikhang SIM ng mananaliksik.3.) Paunlarin ang nilikhang SIM ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga gawaing pagsasanay.4.) Magsagawa ng mga seminar at in-service training tungkol sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na magagamit sa loob ng silid-aralan. 5.) Ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng iba pang kaugnay na pananaliksik tungkol sa kasanayan sa pagsulat.

TALASANGGUNIAN

- [1] UNESCO returns to challenge of media and information literacy www.waccglobal.org, <http://www.waccglobal.org/articles/unesco-returns-to-challenge-of-media-and-information-literacy>, June 28, 2017.
- [2] Tompkins, G. (2003). *Literacy for the 21st Century* (3rd Edition). New Jersey: Pearson Education Inc.

- [3] Badayos, P. B. (2000). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Grandwater Publications.
- [4] Bersales, R. A. & Villafuerte, P. (2008). Pagtatasa ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City: MJPI Mega – Jesta Prints Inc.
- [5] Ichiano, E. R. (2004). Mga Kamalian sa mga Sulating Pormal sa Filipino ng Ikalawang Taon Pansekundarya: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat at Pakikipagtalastasan.
- [6] San Luis, C. Q. (2001). The Concept of Engineering. Philippine Journal of Education.
- [7] Rivera, F. V. et al. (1998). Towards Effective Teaching. Manila: National Bookstore.
- [8] Nivera, G. C. (2009). Curriculum and instruction: The Teaching of mathematics, *Module 6.3*.
- [9] Abad, M. A. & Ruedas, P. O. (2001). Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo. Mandaluyong City: National Bookstore.
- [10] Maguslog, C. M. (1999). Effect of modularized instruction on the achievement of industrial arts students in ceramics. Di-Limbag na Tesis. Annunciation College, Sorsogon City.
- [11] Doctama, R. D. (2012). Effectiveness of the Understanding by Design (UbD)-Based Wortex in Mathematics I. Di-limbag na Tesis. School of Graduate Studies, Sorsogon State College, Sorsogon City.
- [12] Barraga, E. A. (1994). The Making of Effective Schools, Philippine Journal of Education, 105
- [13] Learning Theories: Constructivism and Multiple Intelligences. <https://cs.csustan.edu/~lamie/sed590/CSUS%20Learning%20Theories.htm>. Retrieved August 13, 2015.
- [14] Badaguas, F. (1991). The Assure Learning: A Mode to Help Assure Learning. Philippine Journal of Education. (Vol.LXIX).

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).